PROGRAMANG GANTIMPALA PARA SA PAGTITIPID NG KURYENTE

*Tulungan ang California na mapigilan ang mga pagkawala ng kuryente ngayong tag-init. Babayaran ang mga kalahok para sa pagbabawas ng paggamit ng enerhiya sa mga oras na mataas ang pangangailangan at kung may emerhensiya, na ang layunin ay ang pag-iwas sa mga salitan na pagkawala ng kuryente. Boluntaryo ang paglahok at walang mga multa para sa hindi pagbabawas ng enerhiya.*



**Mga iniaatas ng Programa**
Upang magkwalipika para sa kredito sa bayarin, gumamit ng mas kaunting enerhiya kaysa sa karaniwan ninyong ginagamit sa panahon ng isang Kaganapang Gantimpala para sa Pagtitipid ng Kuryente.

**Insentibo**
**$1.00**
kada kWh (enerhiya)

**Panahon bago ang notipikasyon**
Isang-Araw bago ang kaganapan

**Paglahok**
Hindi maaaring lumahok ang mga kustomer sa ibang programang insentibo ng SDG&E kabilang ang Capacity Bidding o sa isang programa ng ikatlong partido.

**Panganib**
Walang multa kung hindi kayo nagbawas ng inyong paggamit ng enerhiya.

Online
***sdge.com/powersaver***

Telepono
**1-800-411-7343**

## Panimula ng programa

Binibigyan ng Programang Gantimpala para sa Pagtitipid ng Kuryente ng gantimpala ang mga pang-residensiyal na kustomer upang boluntaryong bawasan ang kanilang pangkalahatang paggamit ng kuryente sa panahon na pinakamataas ang pangangailangan.

## Mga pakinabang para sa inyo at sa inyong tahanan

Ang mga kalahok sa Programang Gantimpala para sa Pagtitipid ng Kuryente ay makakatanggap ng kredito sa bayarin na $1.00 kada kWh para sa pagbabawas sa paggamit ng enerhiya sa panahon ng Flex Alert o iba pang emerhensiya sa grid sa buong estado.

## Sino ang karapat-dapat na lumahok?

Anumang pang-residensiyal na kustomer ng SDG&E sa kuryente na® may smart meter. Ang mga pang-residensiyal na kustomer ay hindi maaaring maging isang kalahok sa ibang programang insentibo ng SDG&E tulad ng Capacity Bidding o sa isang programa ng ikatlong partido. Sumangguni sa mga opisyal na tuntunin at kundisyon para sa higit pang detalye. Ang mga pang-residensiyal na kustomer na nakikilahok sa Community Choice Aggregation (CCA) o Direct Access (DA) ay karapat-dapat para sa programa.

## Paano gumagana ang programa?

Sa panahon ng isang emerhensya sa grid, ang California Independent System Operator (CAISO) ay maaaring tumawag ng isang Flex Alert o ibang babala kaugnay ng grid. Kapag nangyari ito, tatawag ang SDG&E ng isang Kaganapang Programang Gantimpala para sa Pagtitipid ng Kuryente at ang mga notipikasyon at ipapadala Isang-Araw bago ang kaganapan.

## Kontak

Para sa higit pang mga detalye o para magpatala sa Programang Gantimpala para sa Pagtitipid ng Kuryente, bumisita ***sdge.com/powersaver***.

© 2024 San Diego Gas & Electric Company. Ang mga tatak-kalakal ay pagmamay-ari ng kani-kanilang kinauukulang may-ari. Nakalaan ang lahat ng mga karapatan. S2450003 TAG 0424